Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 22, 2013 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

***MGA DUMALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Diony M. dela Torre | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

***HINDI NAKADALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAPASYAHAN BLG. 13-08-079

**KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG MASIDHING PAKIKIPAGDALAMHATI SA PAMILYA AT MGA KAIBIGAN NG YUMAONG RONNIE FAMILARA-ANDRES, DATING POSTMASTER NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO**

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na balita ang naipaabot sa Kapulungang ito dulot ng maagang pagpanaw ni G. Ronnie Familara-Andres, dating Postmaster ng Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro;

**"SAPAGKAT,** si Ronnie ay isang lehitimong taga-Bulalacao na nagmula sa angkan ng mga Familara, apo ng dating Punong Bayan Felipe Z. Familara, anak ni dating Konsehala Trinidad F. Andres at pamangkin ng yumaong Pangalawang Punong Bayan Oscar C. Familara at kasalukuyang Konsehal Senen C. Familara;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay nagdulot ng malalim na sugat ng pangungulila sa mga puso ng mga taong naging malapit at mahal sa kanya;

**"SAPAGKAT,** walang katagang maisusulat o mabibigkas para maibsan ang bigat at sakit sa ganitong dagok ng pagsubok; maliban sa matining na pag-iisip at dalisay na pag-asang si Ronnie sa ngayon ay nasa kandungan at kandili ng Mapagpalang Diyos na siyang Maylikha sa ating lahat; **kung kaya't dahil dito**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpaabot ng masidhing pakikipagdalamhati sa pamilya at mga kaibigan ng yumaong Ronnie Familara-Andres, dating Postmaster ng Bulalacao, Silangang Mindoro;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal German S. Acosta, *pinangalawahan* nina Konsehales Dexter R. Gonzales at Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay ...

**PINAGTIBAY":** Agosto 22, 2013, Bulalacao, Silangang Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 08-23-13

130823/SOB/jpc

CamScanner